Philippine Social Sciences Review 67 (2015)

# Anyo ng Mapanuring Pag-Iisip at Moral Kompas sa Pilosopiya 1

Perseville U. Mendoza,
Ma. Theresa T. Payongayong, Jeanette L. Yasol-Naval

## ABSTRAK

Ang papel ay isang paglalahad ng kung paano ang Pilosopiya 1 ay nakapag-aambag sa paglinang ng mapanuring pag-iisip o critical thinking, at pagbuo ng isang moral kompas. Naglalayon itong makapagbigay linaw tungkol sa anyo ng mapanuring pag-iisip at moral kompas na nais hubugin sa kurso. Sa ganitong punto, inaasahan ng mga may-akda na mabigyang diin ang halaga at ambag ng Pilosopiya 1 sa pagtugon sa kasalukuyang pangangailangan ng Unibersidad para sa isang kursong GE na makatutulong sa paghubog ng mapanuring pag-iisip na may kahandaan sa pagbuo ng isang moral na desisyon. Ang unang bahagi ay tumatalakay sa halaga ng ilang piling larang ng pilosopiya na nakapaloob sa Pilosopiya 1, habang ang ikalawang bahagi ay eksposisyon sa kahulugan ng moral kompas. Ang dalawang bahagi ay pinagbubuklod ng konsepto ng kritikal na pangangatwiran.

Ipinapalagay din itong isang kontribusyon sa pagkilala sa natatanging papel ng Pilosopiya sa edukasyon.

## ABSTRACT

This paper is an exposition on how Philosophy 1 contributes to the cultivation of critical thinking and development of a moral compass. It aims to explain the kind of critical thinking the course would like students to possess in order for them to make informed moral decisions. The authors expect to give emphasis on the value and contribution of Philosophy 1 in response to the University's need for a General Education (GE) course that could help in shaping critical thinking necessary for making moral decisions. The first part discusses the importance of some areas of philosophy included in Philosophy 1; while the second part is an exposition on the meaning of moral compass. Critical thinking and reasoning bind these two parts together.

This paper is a contribution to acknowledging the role of Philosophy in education.

## Panimula

Sa panahong ito na binabasa na ang tungkol kina Thales at Socrates sa iPhone 6, Amazon Kindle Paperwhite, o Barnes and Noble Nook E-Reader, at ang pakikipagrelasyon ay sa Android na o kay Siri, mas nagiging hamon ang pagpapakita at pagpapatunay ng halaga ng pilosopiya. Tila ba hindi kaagad nakikita ang lugar nito sa panahong globalisado. Ngunit kung pag-iisipan ang mga pahayag ng ilang mga guro at iskolar mula sa Australia, Canada, at Estados Unidos, makikita ang patuloy na halaga ng mga diskurso at kasanayang binubuno sa pag-aaral ng pilosopiya. Sa mga sumusunod na artikulo, pinagtitibay ang halaga ng pilosopiya sa kontemporaneong panahon.

"*Study of philosophy makes gains despite economy.*" (Gammage, 2011)
"*Philosophy is back in business.*" (Seidman, 2010)
"*In a new generation of college students, many opt for the life examined.*" (Hu, 2008)
"*I think therefore, I earn.*" (Shepherd, 2007)
"*How to get to the top… study philosophy.*" (Hurka, 1990)
"*How does philosophy relate to my career?*" (WLU, nd)
"*Will your philosophical degree get you a job?*" (AAP, nd)

Kaakibat ng mga ito ang pagbibigay halaga sa konsepto ng mapanuring pag-iisip o *critical thinking*, anuman ang batayang disiplina ng isang indibidwal. Kaya naman muli ring pinaigting ang pagtuturo ng Pilosopiya 1 bilang isang kursong *required* sa Unibersidad ng Pilipinas, sapagkat natutugunan nito ang pangangailangan para sa paghubog ng mapanuring pag-iisip at kompas na pang-moral.

Nilalayon sa papel na ito na ilahad kung paano at sa anong anyo naituturo ang mapanuring pag-iisip at moral kompas sa pamamagitan ng Pilosopiya 1. Hinahangad na mabigyang linaw ang mga nasabing konsepto, sapagkat kinikilala ng mga may-akda na posibleng mayroong iba't-ibang pakahulugan ang *critical thinking* at *moral compass* para sa iba't ibang tao. Sa ganitong paraan, inaasahan ng mga may-akda na magiging malinaw ang halaga at ambag ng Pilosopiya 1, sa pagtugon sa kasalukuyang pangangailangan ng Unibersidad para sa isang kursong GE na makatutulong sa paghubog ng mapanuring pag-iisip na may kahandaan sa pagbuo ng isang moral na desisyon. Ang unang bahagi ng talakayan ay tumitingin sa halaga ng ilang piling larangan ng

pilosopiya na nakapaloob sa Pilosopiya 1, habang ang ikalawang bahagi naman ay nagpapahayag ng isang pag-unawa sa kahulugan ng "moral kompas". Ang nagbubuklod sa dalawang bahaging ito ay ang konsepto ng pangangatwirang kritikal.

## Ang Mapanuring Pag-iisip sa Pilosopiya 1

Nakakabit sa pilosopiya ang maraming mga konsepto at lapit. Sa mahabang panahon, pilit itong binibigyang-linaw at ipinauunawa ng mga nauna nang mga pilosoper. Ganito ang aming panimulang pagpapaliwanag sa kung ano ang likas na katangian ng pilosopiya mula sa isang nabuong sangguniang aklat, ang *Pamimilosopiya: Mga Pagdulog at Konsepto* "Mahirap ikumpara ang pamimilosopiya sa mga gawain ng agham na karaniwan ay naghahanap ng isang tukoy at obhektibong sagot, dahil ang pamimilosopiya ay nagbubukas sa marami pang mga tanong sa halip na tumukoy sa isang katotohanan o sagot lamang. Ito marahil ang dahilan kung bakit ang pilosopiya ay naiiba sa ibang larang o disiplina. Ang pilosopiya ay hindi limitado sa paghahanap ng kasagutan at paliwanag mula sa iisang aspekto lamang ng realidad, bagkus ay naghahanap ito ng mas malalim na pinagmumulan ng mga bagay-bagay. Pinipilit nitong alamin ang lahat ng aspekto ng realidad mula sa kung tawagin ay ordinaryong kaalaman (*ordinary knowledge*) hanggang sa kaalamang siyentipiko (*scientific knowledge*) at sa mas malalim pa na pag-uugat sa realidad" (Mendoza, Payongayong, & Yasol-Naval, 2011, pp. 91-92). May kakaibang wangis ang kanyang mga katanungan na hindi nasasagot ng simpleng pag-apila sa persepsyon lamang, o pagkonsulta sa kung ano ang mga naganap na sa kasaysayan, o sa sinasabi ng agham at kalkulasyon ng matematika o kalkulus.

Sa isang kabanata ng aklat na *The Problems of Philosophy* (Russell, 1912) kung saan hinimay ng awtor ang halaga ng Pilosopiya, binanggit niya kung paano ang isang taong walang malay sa pilosopiya ay nabubuhay nang nakakulong sa mga dogmatikong pagpapahalaga o pagkiling sa kung ano ang bunga ng *common sense*, habituwal na pananaw ng kanyang panahon o bayan, o mula sa mga kinalakhang paniniwala na hindi nagamitan ng mahusay na pangangatwiran. Ngunit aniya, sa oras na magsimulang mamilosopiya ang isang tao, biglang bumubukas sa kanya ang mga bagong kabanata, na kahit ang mga

ordinaryong bagay ay kinakikitaan ng problema o katanungan. Ito ang siyang mangangailangan ng masusing paghahanap ng kasagutan at mapanuring pag-iisip. Sa ganitong punto nabubuo ang mga bagong kaalaman na siyang nagbibigay-daan sa pag-usbong ng mga bagong disiplina. Ang problema nga lamang aniya ay sa oras na makarating na sa isang tukoy at depinidong kaalaman ang pagtatanong sa isang larang ay kung bakit tumitigil na rin na tawagin ito na Pilosopiya at sa halip ay kinikilala na siya bilang hiwalay na disiplina. Hindi nga ba't bago pa man ang pag-usbong ng agham, Astronomiya, halimbawa ay nagtatanong na at namimilosopiya ang mga pre-Sokratikong pilosoper tulad ni Thales ng tungkol sa kung ano ang pangunahing prinsipyong gumagabay sa sangkalawakan, habang si Pythagoras ay nakabuo na rin ng kanyang Pythagorean Theorem na hanggang sa ngayon ay isang batayang prinsipyo sa Geometry. Ito marahil ang dahilan kung bakit ang Pilosopiya ay tinagurian bilang 'ina ng lahat ng disiplina.' Gayundin, maaaring pasukin ng pilosopiya ang anumang aspekto ng realidad sa mundo na maaaring nasa ilalim na ng ibang disiplina sa layon na mas mapaibayo ang pag-unawa rito. Ganito maipaliliwanag kung bakit may tinatawag halimbawa na *pilosopiya ng kalikasan, pilosopiya ng tao, pilosopiya ng batas, pilosopiya ng agham*, at iba pa.

Karaniwan nang tinutukoy ang pilosopiya tuwing mapag-uusapan ang mapanuring pag-iisip. Marahil ito ay dahil sa hinaharap ng mga mag-aaral ng pilosopiya ang masusing pag-aaral ng mga mahihirap na teksto, na kung minsa'y salat sa linaw ngunit kailangang himayin ang mga ideya upang mabigyang kahulugan at katwiran mula sa dalawa o higit pang anggulo. Maaari ring ito ay dahil tanghal sa pagtuturo ng pilosopiya ang lohika kung saan hinahasa ang mga mag-aaral sa pag-aanalisa at pagtatasa ng mga argumento o pangangatwiran. Ang ilang mga kasanayang nabanggit ay maaaring matutunan mula sa pag-aaral ng mga diskurso at lapit mula sa sinulat ng mga pilosoper, subalit ang pangkalahatang aplikasyon ng mga ito ay hindi eksklusibo sa pilosopiya. Kaya't hindi inaangkin ng pilosopiya ang kakayahang humubog sa mapanuring pag-iisip. Maraming larang o disiplina ang maaaring makatulong na pag-ibayuhin ang pag-iisip ng tao. Maaaring mahasa ang isipan upang maging mapanuri ito sa larangan ng sikolohiya, agham pampulitika, ekonomiks, sosyolohiya, kasaysayan, matematika, agham, at iba pa. Marahil ang natatanging

lapit ng pilosopiya ang siyang naglalagay sa disiplina bilang tampok sa paghubog sa mapanuring pag-iisip.

Nagiging hayag ang anyo ng mapanuring pag-iisip sa pilosopiya sa pagtalakay ng mga konsepto, prinsipyo at suliranin sa mga larang tulad ng pilosopiya ng wika, epistemolohiya, pilosopiya ng agham, lohika at etika na siyang mga batayang larang ng Pilosopiya 1. Natatangi ang pagtalakay ng pilosopiya sa mga larangang ito dahil sa kalikasan ng mga tanong at pagtatanong kaugnay nito, na tila umaakay sa mga mag-aaral na magkaroon ng husay at talas ng pag-iisip sa pamamagitan ng argumentasyon at pangangatwiran.

Sa pamamagitan ng mga pagsasanay sa pilosopiya ng wika, halimbawa, sinusuri ang mga salita at konsepto ayon sa gamit nito sa pangungusap. Masusing itinatanong kung ano ang dahilan ng malabong paggamit nito kung saan hindi madetermina ang limitasyon ng gamit (*vague*) at/o may dalawa o higit pang maaaring ipakahulugan sa pagkagamit (*ambiguous*). Tinitingnan ang kahulugan ng mga salita ayon sa pag-inog, gamit, at/o saklaw nito. Pinag-aaralan din ang kahulugan ng mga impresyon at ideya, at ang kawalang-kahulugan ng ilang salita. Sa huli, nababatid ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng maliwanag na pag-iisip sa pamamagitan ng maayos at maingat na paggamit at pagsambit ng bawat salita sa komunikasyon at pakikipagtalastasan.

Sa tradisyon ng pilosopiyang analitik, naiaaplay ang mga pamamaraan ng lohikal na pag-aanalisa (*logical analysis*) sa mga ordinaryong kontensyon o saysay ng kaalaman o *knowledge*. Ang maraming mukha ng tradisyong ito mula kay Bertrand Russell hanggang kay Wittgenstein ay tumutuon sa iisang layon na masuri at maanalisa ang mga pangungusap at/o mga indibidwal na salita o konsepto na ginagamit, o kaya naman ang mga posibleng lohikal na implikasyon ng mga ito. "Nais palitawin at linawin ng tradisyon ang lahat ng kahulugang maaaring natatago sa mga salita at pangungusap. Ang pag-analisa ay karaniwang umiikot sa tanong na, 'Ano ba ang nais sabihin sa pagsasabi ng…' o 'Ano ba ang ibig sabihin ng…' … Mula rito nagsanga na ang gamit ng pilosopiyang analitik sa problemang labas sa sakop ng lohika at lengguwahe, at ito ay ginamit na rin sa maraming disiplina at isyu tulad ng mga usapin sa musika, *sex, gender*, polisiyang ekonomiya, politika at

iba pa, na pawang hindi napapansin ng mga dating pilosopo" (Mendoza, et. al., 2011, pp. 92-93)

Sa huli, ang ganitong kasanayan sa pamimilosopiya sa wika ay tumutuon sa isa pang mahalagang kontribusyon ng pilosopiya tungo sa mapanuring pag-iisip, ang pagbibigay-daan sa pagkakaroon ng linaw ng pag-iisip o *clarity of thought.*

Ang mga pagsasanay naman sa epistemolohiya ang nagpapaunawa sa pagkakatangi ng mga konsepto gaya ng katotohanan o paniniwala; at ang kahalagahan ng ebidensya sa kaalaman ng tao. Bagama't may mga pangunahing batas ang lohikal na pag-iisip, iba't ibang batis ng kaalaman pa rin ang sinusuri upang pagtibayin kung ano ang maaaring ituring na kaalaman. Itinuturo ang ilang pamantayan upang masabing "Alam ko na ang X." Halimbawa, "Naniniwala ka bang totoo ang X?" o " Totoo ba talaga ang X?" at "May sapat na ebidensiya ka ba upang sabihing totoo ang X?" Sa pamamagitan ng mga pagtatanong na ito, iba't ibang teorya ng kaalaman ang inilalahad upang pagtibayin ang kaalaman sa mundo. Ilan sa mga teoryang ito ang rasyunalismo, empirisismo, realismo, idealismo, pundasyunalismo, at koherentismo. Sa bandang huli, ang mapanuring pag-iisip ay magpapaalala sa mga mag-aaral na hindi dapat tanggapin ang anumang proposisyon na tama kung walang sapat na ebidensiya at katwirang makapagpapatunay na ito ay totoo.

Armas na maituturing ang mga kaalaman at kasanayang natutunan sa pilosopiya ng wika at epistemolohiya sa pag-unawa at pagsuri ng mga konsepto sa agham. Pangunahin sa pilosopiya ng agham ang pagtukoy sa mga tanong, paliwanag at pinanggalingan ng mga teorya at batas nito. Nagiging mahalaga sa kanila na makapag-usisa tungkol sa mga konsepto ng agham, ang kaugnayan nito sa ibang disiplina, maging ang antas ng katotohan na kinararatingan, halimbawa, ng mga pag-aaral na nakabase sa proseso ng induksyon. Kung susundan ang mga naunang kasanayan, mas mapanuri ang mga mag-aaral pagdating sa pag-unawa sa prosesong siyentipiko. Isang halimbawa nito ang pagtatasa sa problema ng induksyon kung saan may usapin sa pagiging probabilistiko o kawalang katiyakan nito bilang basehan ng kaalaman.

Hindi na marahil kailangang bigyan ng dagdag pang diin kung gaano kahalaga ang lapit ng lohika sa pagsusulong ng mapanuring pag-iisip. Dalawang popular na lapit sa pagtasa ng argumento ang idinudulog ng larang ng lohika. Ayon kay William Hughes (1992) sa kanyang akdang *Critical Thinking: An Introduction to the Basic Skills, criterial* na lapit ang taguri sa pag-determina sa argumento bilang balido, sigurado, at rasyunal. Sinabi rin ni Hughes, *fallacies* naman ang lapit sa pagtukoy ng baluktot o maling pangangatuwiran. Ayon kina Irving Copi at Carl Cohen (2002) sa kanilang akdang *Introduction to Logic*, maaaring pormal ang lohika kapag naaayon sa mga tekniko at panuntunan ang lapit. Impormal naman ang turing kapag naaayon ang lapit sa argumentasyon at pagsusuri batay sa pang-araw-araw at natural na wika at pangyayari. Sa ganitong paghahati ng pamamaraan sa lohika, maaaring deduktibo o induktibo ang lapit sa pagtatasa ng argumento. Deduktibo kung nakapagbibigay ang mga inilahad na mga premis ng katiyakan sa pagtanggap ng inihahaing konklusyon. Batay sa deduktibong lapit, pangkalahatan ang ideyang inilalahad ng mga premis kung kaya may katiyakan kapag ibinatay mula rito ang ispesipikong kongklusyon. Sa kabilang banda, walang katiyakan o garantiya ang pagtanggap sa kongklusyong ibinatay sa induktibong lapit. Dahil ito sa mga ispesipikong premis na batayan ng paglalahad ng isang pangkalahatang kongklusyon. Ang katiyakan o kawalang-katiyakan sa pagtanggap ng kongklusyon ang siyang malinaw na batayan ng pagkakaiba sa dalawang naturang lapit. Mahalagang banggitin na sa pagtalakay sa pilosopiya ng agham, itinuturing na karaniwan ang gamit ng induktibong pamamaraan sa paglikha ng mga teoryang pang-agham (*scientific theories*). Sa huli, *criterial* man o *fallacies* na lapit, pormal man o impormal na lohika, deduktibo o induktibong pagtatasa, mahalagang may diin sa paghasa at pagpapalakas ng mapanuring pag-iisip; at may obhektibong magbuo ng lohikal at rasyunal na argumento.

Ibig sabihin, ang mapanuring pag-iisip ay tinatawag na lohikal na kasanayan upang masala kung alin sa mga pangangatwiran ang matuwid at kung alin ang baluktot. Ayon kay Moore at Parker, "kasama sa kritikal o mapanuring pag-iisip ang kakayahang makinig at magbasa nang maingat, magtasa ng mga argumento, maghanap ng mga nakatagong *assumption* o pamamalagay, at alamin ang *consequences*

o kahihinatnan ng isang proposisyon o pahayag" (2002, p. 4) [salin mula sa Ingles]. Maaaring maipakita rin mula sa ilang teknikal na pamamaraan ng lohika kung paano sinusuri ang klase ng pagsuporta ng mga premis sa kongklusyon. Halimbawa, mula sa isang pahayag, "May kakayahan ba itong magpatibay o magbigay suporta sa kongklusyon?" o "Kailangan bang magdagdag ng premis upang higit na maipaliwanag ang koneksyon nila sa kongklusyon?" Gayundin, bahagi nito ang kakayahang mahimay ang mga kumplikadong usapin sa mga mas payak na anyo upang mas madaling masuri.

Sa larangan ng lohika lubos na nahahasa ang mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral dahil may pagkilala na sa mga kasanayang nauna nang nahasa sa ibang larang ng pilosopiya bilang basehan ng pangangatuwiran. Sa pagkatuto nito, marahil ay mas may kakayahan na ang mga mag-aaral na gumawa ng mas rasyunal at lohikal na pagdedesisyon kaugnay ng kanyang buhay at hinaharap. Ganito binigyang halaga ang pag-aaral ng pilosopiya ng The Australian Association of Philosophy:

> Bagama't ang mga kasanayang ito ay maaaring matutunan sa pag-aaral ng iba't ibang sinulat ng mga pilosoper, may mga pangkalahatang implikasyon ang mga ito sa labas ng pilosopiya. Dahil ang mga prinsipyo sa pag-aanalisa ng argumento ay unibersal, ang katangian ng isang mahusay at malakas na argumento sa pilosopiya ay katulad ng mga katangian ng mahusay at malakas na argumento sa politika, pampublikong polisiya o edukasyon. (nd, p. 1) [salin mula sa Ingles]

Sa isang artikulo ni Thomas Hurka (1990) na may pamagat na *"How to get to the top... study philosophy"*, binanggit niya ang resulta ng pag-aaral ng US Department of Education sa mga andergradweyt mula sa iba't ibang disiplina na kumuha ng *admission test* para sa gradwadong programa, halimbawa ang LSAT, GMAT at GRE. Ayon sa kanya, sa GMAT na siyang batayan ng pagpasok sa programang MBA at mas mataas pa na lebel, ang may pinakamagandang resulta ay ang mga estudyante ng *math* kasunod ang pilosopiya. Ang kanilang paliwanag, ito ay dahil sa mas hasa ang mga mag-aaral na ito sa mga batayang may prinsipyo ng pangangatwiran at pagresolba ng problema.

> Ang pag-aaral ng mga *admission test* ay nagpakita na ang mga estudyante na nanguna ay iyong mga nakakuha ng kasanayang hinubog ng pormal na pag-iisip (*formal thought*), pag-unawa sa mga estruktural na relasyon (*structural relations*), abstraktong modelo, simbolikong lengguwahe at deduktibong pangangatwiran. Mas abstrakto ang *subject*, mas nahahasa ang lantay na kasanayan sa pangangatwiran (*pure reasoning skills*) at kung mahusay ang kakayahang mangatwiran, mas mahusay din nilang magagamit ito sa iba pang larangan. [salin mula sa Ingles] (p. 2)

## Ang Moral Kompas sa Pilosopiya 1

Ang katagang "moral kompas" ay nagpapahiwatig sa isang instrumento na nagsisilbing kapaki-pakinabang na gabay para sa indibidwal na tumatahak sa isang landas na puno ng mga sitwasyong humihingi ng mga moral na pasya. Mayroong ilang palagay hinggil sa ganitong pananaw. Una, lumilitaw sa gayong pormulasyon ng isang moral na giya, na posibleng marating ang isang pamantayan ng moralidad na parang isang destinasyon. Ikalawa, makikita rin na ipinagpapalagay na maaaring makahanap ng isang "kompas" o instrumento na magbibigay ng tamang direksyon. Ikatlo, may palagay na ang landas patungo sa tamang desisyong moral ay iisa lamang, at ito ay posibleng matunton. Sa gitna ng mga palagay na ito, sari-saring mga kritisismo at kontrapunto ang maaaring ibigay. Bagamat nariyan ang mga problematikong punto hinggil sa ideya ng isang kompas na pang-moral, mababanaag pa rin ang pangangailangan para sa mga balangkas na maaaring magbigay ng oryentasyon, at sa gayon ay direksyon, sa isang indibidwal na nahaharap sa partikular na isyung etikal. Sa ganitong pakahulugan maaaring unawain ang konsepto ng isang kompas na pang-moral, na ang pagkakaroon ng kaalaman sa mga balangkas sa etika ay magsisilbing instrumento upang magkaroon ng oryentasyon ang indibidwal sa kung anong kilos ang tama o mali, marapat o hindi marapat.

Ang pag-aaral ng mga teorya ng etika ang tinaguriang kompas sapagkat ang kaalaman sa mga ito ay maaaring magbigay ng direksyon tungo sa mga desisyong mayroong moral na pagpapatibay. Ibig sabihin, nilalayon na magkaroon ang mag-aaral ng kabatiran sa mga teorya upang magsilbing balangkas o batayan para sa pangangatuwirang

moral. Sa ganitong pagkakatulad nagiging matingkad ang pagiging mala-instrumento ng kaalamang teoretikal. Ngunit, tulad ng kompas, ang mga teoryang etikal ay pwedeng gamitin, at pwede rin na hindi pansinin.

Ang pangangatuwirang moral ay bahagi nga ng etika, ngunit ano nga ba ang etika? Bagamat ang lubos na pagpapaliwanag ng etika ay hindi na nasasakupan ng papel na ito, marapat na bigyan ng bahagyang pagsasalarawan ang naturang larang. Ang etika ay ang larang sa pilosopiya na tumatalakay sa mga teorya hinggil sa mga konseptong tulad ng moralidad, kabutihan, birtud, at iba pa. Sa malawak na antas o lebel naman, ang mga kilos at motibasyon na nagkakaroon na ng impluwensya o bunga sa ikabubuti o ikasasama ng kapwa ang masasabing nasasakupan ng etika. Sa pagsusuri ng mga etikal na konsepto, nagiging higit na matingkad ang halaga ng pangangatuwiran o pag-iisip nang may malinaw na angkla sa mga konseptong tulad ng birtud at kabutihan. Ngunit mababatid din ang importansya ng paglilinaw ng mga konsepto mismo. Kaya naman bahagi ng Pilosopiya 1 ang pag-aaral sa wastong pagsusuri ng mga konsepto, bagay na matatagpuan sa pagsasapraktika ng mapanuring pag-iisip.

Ang mga konsepto rin ang bumubuo sa mga teorya sa etika, tulad halimbawa ng mga teoryang deontolohikal at teleolohikal, mga teoryang tumatanaw sa kalikasan ng mga kilos at sa mga bunga nito. Bilang kaakibat na pag-aaral, kailangan ding tingnan ang potensyal ng mga teorya sa aplikasyon nito sa pang-araw-araw na buhay, lalo't binubuksan ng Pilosopiya 1 ang pagtatanong hinggil sa halaga ("Ano ang mabuti o kabutihan?") at sa obligasyon ("Ano ang marapat na gawin?").

Hindi maikakaila ang halaga ng pag-aaral ng etika, lalo't higit sa kontemporaneong panahon ng globalisasyon. Tulad ng nabanggit sa itaas, pumapasok na sa usapin ng etika ang mga kilos at motibasyon na nagkakaroon ng impluwensya o bunga sa kapwa. Ang huling puntong ito ay lalong nagiging mabigat sa panahong ito ng ibayong pakikipag-ugnayan sa buong mundo. Dahil mas malawak na ang mga panlipunang ugnayan, mas malawak na rin ang nasasakupan ng obligasyong moral ng bawat isa. Ibig sabihin, habang dumarami ang punto ng

koneksyon sa pagitan ng mga lipunan at kultura, dumarami rin ang pinananagutan ng mga indibidwal pagdating sa kilos, pananaw, at paniniwala. Ang paglawak na ito ng pananagutan ay proporsyonal sa paglawak ng mga ugnayan, sapagkat ang mga ugnayang pantao at panlipunan ang pinaka-ugat ng etika. Ang larangan at diskursong etika ay posible lamang sa konteksto ng tamang pakikipag-ugnayan, dahil ang marapat at di marapat na pagkilos ay nasa konteksto ng kapwa, maging sa aspekto man ng pantaong ugnayan o pangkalikasan.

Dagdag pa rito, ang mabilis na pag-usbong ng bagong teknolohiya ay lumilikha ng mga bagong isyung moral, habang nananatili pa rin ang maraming isyung dati nang naitatanong. Ang mga umuusbong na makabagong teknolohiya sa medisina, sa agham, sa komunikasyon, at sa iba pang larangan, ay humihingi ng masusing pag-aanalisa gamit ang mga balangkas na naka-angkla sa teoryang etikal. Ito ay upang matugunan ang mga katanungan hinggil sa tama at mali, dapat at hindi dapat, mabuti at masama, sa konteksto ng mga nasabing larangan. Tunay na mabigat ang mga isyung kaakibat ng mga makabagong teknolohiya, tulad ng matatagpuan sa *stem cell research*, sa teknolohiyang nukleyar, o di kaya'y sa teknolohiya ng Internet. Ilan lamang ang mga ito sa mga nangangailangan ng maingat na pagsusuri gamit ang mga etikal na balangkas. Kinakailangan ang oryentasyong nakabatay sa mga konseptong tulad ng moralidad at birtud.

Ano nga ba ang mga isyung moral? Maituturing na isyung moral ang isang kalagayan kung ang pagresolba ng mga suliranin hinggil dito ay nangangailangan ng pasyang etikal, na ang ibig sabihin ay mga pasya na mayroong konsiderasyon sa likas na kabutihan o likas na kasamaan ng kilos, kabutihan o kasamaan ng magiging bunga ng kilos, at maging sa birtud ng kumikilos. Sa madaling salita, ang isang pasyang etikal ay nagtataglay ng etikal na pagpapatibay gamit ang mga prinsipyo at konsepto sa etika. Umuusbong ang mga isyung moral kapag nagkakaroon ng salungatan o di kaya'y banggaan sa pagitan ng mga pamantayang pinahahalagahan ng lipunan. Kaya naman kinakailangang suriin ang konsepto ng halaga, nang sa gayon ay mapalutang ang mga posibleng pinagmumulan ng mga pinanghahawakan ng mga tao sa loob ng lipunan.

Sa nasabing pananaw hinggil sa mga isyung moral, maaaring sabihin na ang etika ay napag-aaralan sa pamamagitan ng pagsusuri sa kalikasan ng mga kilos, sa mga bunga nito, at sa konsiderasyon sa kumikilos o *agent*. Maaaring unawain ang mga kilos bilang nagtataglay ng likas na kabutihan o kasamaan, kaya ang pagpapasya ay ibinabatay rito. Maaari din namang unawain ang mga kilos ayon sa magiging mga bunga nito, kaya ang kilos na magbubunga sa hindi mabuting kalagayan ay isang kilos na masama, at ang kilos naman na magdudulot ng dagdag na pakinabang, at ng kaakibat nito na kaligayahan, ang siyang ituturing na mabuti at marapat na gawin. Bukod dito, marapat na suriin din ang mga katutubong konseptong mayroong implikasyon sa etika, tulad halimbawa ng konsepto ng utang na loob.

Sa pagtalakay at pag-aaral ng etika sa Pilosopiya 1, mayroong pagkilala na magkaiba ang pag-aaral ng teorya at ang pagsasapraktika nito. Gayunpaman, marahil makabuluhan pa rin na itanong, “Kung ang kaalaman sa mga etikal na balangkas ay maituturing na isang kompas, paano nga ba magagamit ang kompas na ito?” O, sa ibang salita, “Paano maisasapraktika ang etika?” Sadyang mahirap sagutin ang katanungang ito, sapagkat katulad ng nabanggit na sa itaas, ang mga balangkas ay maaaring gamiting gabay, pero pwede rin namang hindi pansinin ng isang indibidwal. Ang pagsasapraktika ng etika ay iba nang katanungan, hiwalay sa paghimay ng mga teorya. Subalit hindi maikakaila na ang bawat indibidwal na nahaharap sa isang isyung moral ay nakararating pa rin naman sa isang desisyon, may etikal na batayan man ito o wala. Kaya naman ang tanging magiging ambag ng pag-aaral ng etika ay ang pagbibigay sa indibidwal ng sapat na balangkas para makarating sa isang etikal na desisyon, isang desisyon na nakaugat sa kaalaman, wika, prinsipyo, at mga konseptong mula sa larang ng etika. Sa konteksto ng Pilosopiya 1, nilalayon na sa pamamagitan ng pag-aaral at pagsasanay sa mapanuring pag-iisip at mga teoryang etikal, ang mag-aaral ay masasanay, at sa kalaunan ay magagawang mag-isip, gamit ang pangangatuwirang moral. Sa ganitong paraan ay masasabing maisasapraktika ang etika.

Ano ang pangangatuwirang moral? Meron nga ba nito, at maaari ba itong ituro? Kung ang sagot sa huling dalawang tanong ay “oo”, sino naman ang makapagtuturo nito? Tunay nga na maraming katanungang

kaakibat ang terminong "pangangatuwirang moral", at hindi maitatanggi na maging sa pilosopiya ay pinagtatalunan pa rin ang kalikasan nito. Gayunpaman, sa isang malawak na pakahulugan, masasabi na ang pangangtuwirang gumagamit ng mga etikal na balangkas nang mayroong malinaw na pagtanaw at konsiderasyon sa mga konsepto at prinsipyong etikal, ang matatawag na pangangatuwirang moral. Ang ganitong uri ng pangangatuwiran ay hindi tumatanggi sa pagkakaroon ng mga magkakatunggaling pananaw hinggil sa isang isyung moral. Sa halip, nagkakaroon pa nga ng kamalayan tungkol sa pagkakaroon ng mga magkakatunggali o magkakasalungat na prinsipyo ang isang indibidwal, dahil sa kanyang kabatiran sa iba't ibang teoryang etikal. Kapag narating na ang isang desisyon tungkol sa isyung kinakaharap, masasabi na nang may bahagyang lakas ng loob, na ang desisyong narating ay isang desisyong mayroong etikal na pagpapatibay, batay na rin sa dinaanang proseso ng pagninilay na may kaukulang kamalayan sa mga prinsipyong etikal. Ibig sabihin, habang nagiging masinsin at maingat ang pagsiyasat sa isang maselang isyu gamit ang mga teorya at prinsipyong etikal, mas panatag na masasabing anumang desisyon ang marating ay isang desisyong *informed*. Mas nagkakaroon ng kalakip na katatagan at lakas ng loob ang isang desisyon habang nakikitaan ng *justification* ang huli, batay sa isang matatag na prinsipyong etikal. Samakatuwid, ang desisyong moral na nararating ay masasabing matatag habang nakasalalay ito sa matatag na prinsipyong etikal.

Dahil ang bawat nilalang ay napapaloob sa iba't ibang ugnayang panlipunan, hindi maiiwasan ang maharap sa mga sitwasyong humihingi ng etikal na pasya. Ito ang isang malinaw na dahilan kung bakit ang bawat isa ay kailangang magkaroon ng pundamental na kaalaman hinggil sa etika. Ang magkaroon lamang ng kaalaman sa bokabularyo ng etika upang maunawaan ang mga isyung moral ay isa nang malaking hakbang tungo sa pagkakaroon ng etikal na balangkas. Bagamat walang kasiguruhan na ang naturang balangkas ay gagamitin nga ng mag-aaral sa kabuuan ng kanyang buhay, nagagampanan ng Unibersidad ang tungkulin nito na magbigay ng kakayahang mag-isip sa isang masusi at mapanuring paraan, lalo na pagdating sa mga napapanahong isyung mayroong moral na implikasyon. Sa ganitong perspektibo, nilalayon ng Pilosopiya 1 na makapag-

ambag sa programang GE o *General Education* sa layunin ng huli na makapagbigay sa mag-aaral ng Unibersidad ng Pilipinas ng hilig sa kaalaman nang may mataas na kamalayang moral at intelektwal na integridad, bukod pa sa layuning tungo sa pagkakaroon ng kritikal at mapanuring pag-iisip.

## Ang Pedagohiya ng Pagtuturo ng Pilosopiya 1 tungo sa Paglinang ng Mapanuring Pag-iisip at Kompas na Pang-moral

Sa huling palihan ng departamento na idinaos noong 2012 kaugnay ng pagtuturo ng Pilosopiya 1, bahagi ng resolusyon ang pagtitipon ng mga mabisang pamamaraan kung paano maituturo ang dalawang mahahalagang kasanayan na inaasahang makuha ng mga mag-aaral mula sa kurso. Ang mga ito ay gagamitin bilang mga inobasyon sa paghahatid ng tunguhin ng Pilosopiya 1 bilang isang kursong GE.

Naging epektibo ang paggamit ng mga *moral dilemma* at *case studies* sa pagbibigay-linaw sa mga usapin sa etika at sa paggiya sa mga mag-aaral na makabuo ng sariling moral na desisyon. Sa ganitong pamamaraan, inihahain sa mga mag-aaral ang isang kumplikadong kaso na mangangailangan ng moral na pagtitimbang dahil ang mga opsyon ay kapwa magkasimbigat. Inaasahang magagawa ng mga mag-aaral, gamit ang natutunang lapit sa pilosopiya ng wika, na himayin at mabigyang linaw ang mga konseptong sangkot sa usapin, masuri kung may katotohanan o maitanong kung ano ang batayan ng pagsasabing totoo ang mga pangyayari sa kaso, gaya ng kung paano tinatalakay ang konsepto ng katotohanan sa epistemolohiya. Ginagamitan din ng mga batayang prinsipyo sa lohika upang masala ang pagigiging tuwid ng ipinapahayag na pangangatwiran. At sa giya ng mga natutunang lapit sa Etika ang mga mag-aaral ay bubuo ng sariling pagpapasya sa kung ano ang mas etikal na dapat gawin. Sa huli, inaasahan ang kanilang kahandaan na maipagtanggol ang posisyon laban sa taliwas na posisyon na karaniwan sa ganitong diskurso.

Gayundin, malaki ang naging papel ng mga nobela o kontemporaneong katha, na ang iba ay naisapelikula na, sa pagtuturo ng Pilosopiya 1. Karaniwang pinipili ang mga sikat na nobela tulad ng *The Little Prince ni Antoine de Saint-Exupéry, The Giver ni Lois Lowry, Animal Farm ni George Orwell* o pelikulang tulad ng *Inception*

o *The Matrix*. Binubuksan ang diskurso sa kung paano nasasalamin sa mga ito ang mga teorya o turo ng mga pilosoper kung kaya't nabibigyang-daan din na mas malinawan, kung hindi man makita ang kalakasan o kahinaan nito. Dinadala rin ang mga mag-aaral na balikan kung ang mga pilosopikal na usapin dito ay minsan na rin nilang naranasan at suriin ang kanilang naging pagpapasya. Sa ganitong pedagohiya, madaling naging interesante para sa mga mag-aaral ang tunguhin ng Pilosopiya 1 na makatulong sa paghubog ng mapanuring pag-iisip na may kahandaan sa pagbuo ng isang moral na pagpapasya.

Isa pang nasubukang gawain ay ang pagpapakilala ng mga kwentong ginagamit sa *Philosophy for Children* upang makabuo ng tinatawag na *community of inquiry* sa klase. Bahagi nito ang salit-salitang pagpapabasa ng mga kwentong nilikha upang bigyang diin ang ilang etikal, epistemolohikal, lohikal at iba pang konsepto sa Pilosopiya. Ang kakaiba sa metodolohiyang ito ay hindi tahasang sinasabi ng guro kung ano ang tema o punto ng talakayan, bagkus ay hinahayaang ang mga mag-aaral ang siyang gumiya sa talakayan mula sa kanilang sariling mga tanong. Naging epektibo ang pamamaraang ito dahil tunay na naipapalabas sa klase ang diyalektikong anyo ng pamimilosopiya.

Ang paggamit ng *thought experiments* ay nagtagumpay din sa pagpukaw ng interes ng mga mag-aaral partikular sa mga mahihirap na konsepto. Karaniwang halaw ang mga ito sa koleksiyon ng mga *thought experiments* sa akdang *The Pig That Wants to be Eaten*. Kinabibilangan ito ng mga kakaibang senaryo na naghahatid sa mga mag-aaral sa isang malalim na pag-iisip. Halos di matatawaran ang interes ng mga mag-aaral na nakibahagi sa gawaing ito.

Marami pang pedagohiya ang ginagamit na karaniwan na rin sa iba pang mga klase sa pilosopiya. Halimbawa ay ang paggamit ng proseso ng debate na siyang mabisang batayan ng pagtatasa sa anyo at kalidad ng pangangatwiran ng estudyante habang ang tema ay karaniwang etikal o isyung panlipunan. Nagsusuri rin ng mga baluktot na pangangatwiran o fallacies mula sa artikulo sa dyaryo, pati komersyal o adbertisment sa telebisyon.

Sa pamamagitan ng papel na ito, aming inilalahad ang anyo ng mapanuring pag-iisip at kompas na pang-moral na nais hubugin ng Pilosopiya 1. Sa gitna ng kasalukuyang usapin para sa isang bagong programa ng GE, mahirap talikuran ang tunguhin ng Pilosopiya 1 na makapag-ambag sa paghubog ng mapanuring pag-iisip na may kahandaan sa pagbuo ng isang moral na desisyon. Solido at buong-buo ang kursong ito upang makapaghatid ng isang UP gradweyt na may matatag na pundasyon sa Pilosopiya, may mahusay na pangangatwiran, at nasa giya ng isang mapanuring etikal kompas. Isa rin itong kontribusyon sa patuloy na pagpapalakas at pagkilala sa natatanging papel ng pilosopiya sa edukasyon. Kaya't gaya ng paninindigan sa artikulong "How does philosophy relate to my career?" naniniwala kami na:

> ang mga kasanayan sa pilosopiya ay wala nang halaga kung ang pagkatuto ng kung paano mag-isip, mag-analisa at magpahayag ng mga kaisipan nang malinaw, ay hindi na mahalaga sa modernong buhay at trabaho. Wala na ito sa uso kung ang kakayahang bumuo o magtanggol ng opinyon ay laos na rin. At ang pilosopiya ay maaari na ring kalimutan kung ang pagiging malay sa pamamagitan ng edukasyon ay wala na ring bisa. (WLU, p. 1) [salin mula sa Ingles]

## MGA SANGGUNIAN

Copi, Irving M. & Cohen, Carl ( 2002). Introduction to Logic, 11th edition (New Jersey: Prentice Hall).

Hughes, William (1992). Critical Thinking: An Introduction to the Basic Skills (Canada: Broadview Press).

Mendoza, Perseville, Payongayong, Ma. Theresa, & Yasol-Naval, Jeanette (2011). Pamimilosopiya : Mga Pagdulog at Konsepto (QC: Sentro ng Wikang Filipino).

Moore, Brooke Noel & Parker, Richard (2002). Critical Thinking, 6th ed. (Philippines, McGraw-Hill Education).

Russell, Bertrand (1912). The Problems of Philosophy. Reprinted in 1988 (New York, Prometheus Books).

### Batis mula sa Internet

AAP (Australian Association of Philosophy). nd. Will your Philosophy Degree get you a Job?". http://www.victoria.ac.nz/hppi/publications/australasian-association-of-philosophy-employment-guide-1.pdf, kinuha noong 15 September 2012.

Gammage, Jeff (2011) “Study of philosophy makes gains despite economy”. http://articles.philly.com/2011-10-15/news/30283702_1_philosophy-number-of-four-year-graduates-college-students, kinuha noong 11 September 2012.

Hu, Winnie ( 2008). “In a New Generation of College Students, Many Opt for the Life Examined”http://www.nytimes.com/2008/04/06/education/06philosophy.html?_r=2, kinuha noong 15 September 2012.

Hurka, Thomas (1990). “How to get to the top… study Philosophy”. http://www.thereitis.org/?p=633, kinuha noong 11 September 2012.

Seidman, Dov ( 2010). “Philosophy is Back in Business”. http://www.businessweek.com/managing/content/jan2010/ca20100110_896657.htm, kinuha noong 11 September 2012.

Shepherd, Jessica ( 2007). http://www.guardian.co.uk/education/2007/nov/20/choosingadegree.highereducation, kinuha noong 15 September 2012.

WLU (Wilfrid Laurier University) .nd. “How does Philosophy Relate to My Career?”. http://www.wlu.ca/homepage.php?grp_id=35, kinuha noong 15 September 2012.